
gikan sa

# SILYAB

an dakulang sulo

Oktubre-Disyembre 2019
Taon XLIV Blg. 10

Rebolusyonaryong pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Rehiyong Bikol



## Pagpupugay sa Mapagpasyang Pagharap ng Mamamayang Bikolano sa Papatinding Neoliberal at Pasistang Atake

Sa pamumuno ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon, mapagpasyang hinarap ng mamamayang Bikolano ang papatinding neoliberal at pasistang bigwas ng todo gera laban sa mamamayan ng rehimeng US-Duterte bago matapos ang taong 2019.

Kinatangian ang huling kwarto ng taon ng buo-buong paglalatag ng istruktura ng Oplan Kapanatagan at EO 70 sa rehiyon sa pamamagitan ng Regional Task Force to End Local Communist Armed Conflict (RTF-ELCAC). Layunin nitong pahupain ang militante at armadong pakikidigma ng mamamayang Bikolano sa pananalasa ng neoliberal na mga proyektong ipinatutupad ng Regional Development Council (RDC) sa rehiyon. Para ihanda ang opinyong pampubliko pabor sa pangingibabaw ng otoridad ng militar sa sibilyang burukrasya, magkakasunod na teroristang karahasan at pakana ang isinagawa ng Joint Task Force Bicolandia (JTFB) sa rehiyon.

## EDITORYAL

Matapos pagtibayin ang RTF-ELCAC noong Agosto 2019, libu-libong upisyal ng gubyerno sa iba't ibang antas ang tinakot, dinahas at lantarang pinagbantaan upang mabuo ang mga task force hanggang antas barangay at ilabas ang mga deklarasyong persona-non-grata laban sa NPA at iba pang progresibong grupo.


Puspusang ipinatupad ng RTF-ELCAC ang bersyon nito ng focused military operations (FMO) at Retooled Community Support Program (RCSP) sa balangkas ng EO 70 sa kabila ng kakulangan sa tropa ng 9th ID para buu-buong ilunsad ang todo gera ng MO 32 sa lahat ng panig ng rehiyon. Pinatindi ang gera sa propaganda para bihisang parang tupa ang armadong agresyon ng estado laban sa mamamayan.

Ipinihit ang 22nd IBPA bilang batalyong panagupa at ilinipat sa bagong buong Division Civilian Auxilliary Unit (DCAU) ang pamamahala sa CAFGU. Binuo rin ang 9th Special Action Battalion mula sa mga ipinakat na PNP-Special Action Force sa rehiyon.

Walang lubay ang FMO sa Camarines Norte at sa una at pangalawang distrito ng Camarines Sur. Mula maagang bahagi ng 2017 hanggang sa kasalukuyan, ilinunsad ng 902nd Brigade ang masinsing panggagalugad ng mga operasyong kombat sa mga bulubunduking hangganan ng Camarines Norte, Camarines Sur at Quezon. Habang rumaragasa ang RCSP sa mga komunidad sa palibot ng hangganan ng tatlong prubinsya, lumilipat sa may leeg at panabing highway ng 2nd District ng Camarines Sur (San Fernando, Libmanan, Pasacao at Pamplona) ang ilang kumpanya ng 902nd Brigade para sa operasyong kombat. Hatid nito ang walang patid na ligalig sa hanay ng mamamayan, paglabag sa karapatang tao at pagpigil sa malayang pang-ekonomiko't pulitikal na aktibidad ng malalawak na komunidad ng mga sakahan, niyugan at mga gulayan.

Naging larawan ng buo-buong pagpapatupad ng Retooled Community Support Program (RCSP) ang prubinsya ng Masbate, Camarines Norte at Camarines Sur. Katuwang ang iba't ibang ahensya ng gubyerno, ipinagpatuloy ang iligal na pangangalap ng datos sa mga baryo para langkapan ang operasyong saywar at paniktik ng estado.

Nakabalangkas ang militarisasyon sa kanayunan at laylayan ng kalunsuran sa pagpapalayas ng libu-libong magsasaka sa kanilang lupang binubungkal upang bigyang daan ang mga neoliberal na proyekto ng rehimeng US-Duterte. Sa Masbate, nagsilbing hudyat ang deklarasyon ni Duterte ng pagpapailalim ng prubinsya sa huwad na pamamahagi ng lupa upang patindihin ng AFP at PNP ang operasyong militar para agawin sa mga magsasakang Masbatenyo ang mga produktibo nang pampublikong lupain. Kasalukuyang ding binabayo ng RCSP ang mga itinuturing na malalakas na balwarte ng rebolusyonaryong kilusan sa Sorsogon, Albay, Camarines Sur at Camarines Norte.




Taon XLIV Blg. 10 | Oktubre-Disyembre 2019

Ang Silyab ang rebolusyonaryong pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Rehiyong Bikol.

Bukas ang pahayagan sa mga ulat koresponsal, artikulo at iba pang kontribusyon.

Hinihikayat din ang lahat na magbigay ng mga puna at mungkahi hinggil sa anumang laman ng pahayagan. Ipadala lamang ang mga ito sa silyabbikol1976@gmail.com.

NILALAMAN

| | |
|---|---|
| Editoryal: Pagpupugay sa Mapagpasyang Pagharap ng Mamamayang Bikolano | 1 |
| Isang Taon ng EO 70: Delubyo ng WONA | 4 |
| Ulat Koresponsal: An Kusog | 7 |
| Silyabalita | 9 |
| Produksyon sa Rebolusyon | 13 |
| Kaalamang Medikal | 13 |
| Kurit kang Agipo: Ang Huling Mando | 14 |
| Diwang Rebolusyonaryo | 15 |
| Batoy | 16 |

marojabanua.wordpress.com | Nel Del Mundo | yandex.disk/silyabbikol
@mundo_nel | Instagram gintongsilahis50 | Ma Roja Banua

# EDITORYAL

Naitala sa Masbate ang pinakamaraming kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa buong rehiyon. Kabilang dito ang pitong sibilyang magkakasunod na pinaslang ng mga tropa ng 2nd IB at PNP-Masbate noong unang linggo ng Nobyembre 2019. Sa araw mismo ng paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Karapatang tao, hinarang at  sapilitang dinetine at pinapirma ang 147 na magsasakang dadalo sana sa kilos-protesta sa isang blankong papel. Kinalaunan, pinalabas silang mga sumurender na mga pulang mandirigma at ipinarada sa social media ang kanilang mga larawan. Dahil sa pagtawag ng pansin ng mga netizen sa  palpak na pagmamanipula ng mga imahe, binaha ng batikos ang 2nd IB at mga kagawad ng 9th IDPA Division Public Affairs Office (DPAO).


Sa pagtatapos ng huling kwarto, naging malinaw ang resulta ng isang taong pagpapatupad ng MO 32 at EO 70. Hatid ng militarisasyon ang pagbalot ng ligalig sa daan-daang komunidad. Biktima ng pamimilit ng kontrol-militar ang daan-daang upisyal at LGU, kagawad ng midya at iba pang personahe at organisasyon. Tinugis ng estado at itinuring na kriminal ang daan-daang progresibo, demokratiko at makabayang mga indibidwal at organisasyon kasabay ng iba pang oposisyon sa pulitika.

Linustay at kinurakot ang bilyun-bilyong pondo ng kabang bayan para itilaok ang mga diumano'y tagumpay ng RTF-ELCAC sa mga pakulong engkwentro at operasyong militar at pulis, mga sapilitang pagpapasurender at pagpapalaganap ng mga pekeng impormasyon upang buuhin ang imahe ng kawastuhan ng pasista't tiranikong pagwawasiwas at pag-abuso sa kapangyarihan ng isang sibilyang junta.

Hinarap ng buong giting ng masang Bikolano ang panggigipit at panunupil sa kanilang demokratikong karapatan. Ilinunsad ang sustenidong serye ng kilos protesta sa iba't ibang panig ng rehiyon. Pinangunahan ng sektor ng magsasaka ang mga pagkilos para igiit ang tunay na reporma sa lupa noong Oktubre at kundenahin ang malawakang paglabag ng RTF-ELCAC sa karapatang tao noong Disyembre. Humugos sa lansangan ang nagkakaisang hanay ng mga Bikolano upang ilantad ang malagim na epekto ng isang taong pagpapatupad ng MO 32. Tuluy-tuloy din ang mga pagkilos upang tutulan ang mga neoliberal na proyekto't patakarang humahambalos sa iba't ibang dako ng Kabikulan.

Hindi matatawaran ang nilunsad na kampanya sa rehiyon upang harapin pang-ekonomiko't pampulitikang suliraning  bumabayo sa masang  Bikolano. Puu-puong baryo sa rehiyon ang nagsagawa ng kampanyang petisyon na nananawagan sa pagpapahinto ng militarisasyon sa kanilang komunidad. Naglabas ang ilang mga komunidad ng katibayang nagpapatunay na sapilitang pinasusurender bilang mga pulang mandirigma ang kanilang mga kababaryong sibilyan. Tuluy-tuloy din ang kanilang pagdulog sa mga istasyon ng midya upang ilantad at isumbong ang mga abusong militar. Dahil sa matiyagang pagpapanday ng diwa ng sama-samang pagkilos, nakamit ang ilang pagsulong sa kampanya sa pagpapataas ng presyo ng kopra at palay sa ilang bayan sa rehiyon.

Hindi natinag at ibayong ipinakita ng BHB ang pagiging tunay na hukbo ng masang Bikolano. Mapagpasyang hinarap ng BHB ang sustenidong atake ng AFP-PNP at CAFGU sa iba't ibang prubinsya ng rehiyon nang may mahigpit na pagtangan sa pagpapauna sa kapakanan ng masang Bikolano. Sa kasagsagan ng bagyong Tisoy nagdeklara ng unilateral na tigil-putukan ang BHB sa rehiyon at nananawagan sa mga yunit nito at mga organo ng mga kapangyarihang pampulitika ng kampanya para tulungan ang mga biktima ng bagyo. Ilang linggo matapos nito, lantarang linabag ng AFP at PNP ang sariling suspension of military operations (SOMO), suspension of police operations (SOPO) at atas ng kanilang commander-in-chief na si Duterte ilang oras pa lamang ng pagsisimula ng epektibidad ng unilateral at reciprocal



ceasefire ng GRP at NDFP. Kapugay-pugay na hinarap ng mga pulang mandirigma ng Armando Catapia Command (BHB-Camarines Norte) ang patraydor na pag-atake ng mga tropa ng 9th IB at 92nd Division Reconnaissance Company (DRC) ang yunit sa Brgy. Ba'ay, Labo, Camarines Norte.


Tangan ang superyoridad sa pulitika at pakikidigmang gerilya, buong tatag at sigasig na hinarap ng rebolusyonaryong kilusan ang todo-gera ng rehimeng US-Duterte. Higit pang nakapagpalakas at nakapagpalawak ng hanay ang mga rebolusyonaryo. Naitulak ng pursigido at masikhay na pakikibaka ng mamamayang Bikolano ang rehimen na mailagay sa depensibang postura. Desperado nitong pinalutang ang posibilidad ng muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan upang pakalmahin ang paniningil ng taumbayan sa kainutilan ng gubyernong bigyang kalutusan ang papatinding kahirapan at kawalang pag-asa lalo't niragasa ng sunud-sunod na bagyo ang Timog Katagalugan, Bikol at mga isla ng Visayas.

Tulad ng taong 2019, haharapin ng sambayanang Pilipino ang mga hamon ng taong 2020 ng buong tatag at sikhay. Ang mabuway na pamumuno ni Duterte, ang lumalalang pang-ekonomya at pampulitikang krisis, ang mismong nagtutulak sa higit pang paglakas, paglawak at paglalim ng militante at rebolusyonaryong diwa ng mamamayang Pilipino. Tangan ang 51 taong karanasan ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, patuloy na yayanigin ng nagkakaisang hanay ng mamamayan ang gulugod ng pasista't tiranikong paghahari ng pangkating Duterte at amo nitong imperyalistang US. Titiyakin ng buong rebolusyonaryong kilusan ang lalong pagdami ng matatagumpay na taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan na yayanig sa reaksyunaryong pwersa. Mula sa hanay ng mga pinakaabanteng masa, isisilang ang mga bagong kasapi ng Partido na magbibigay ng dagdag pang sigla at inisyatiba para sumulong ang rebolusyonaryong kilusan kapwa sa kanayunan at kalunsuran.■

## Isang Taon ng EO 70: Militarisasyon ng Gubyerno, Ang Delubyo ng Whole-of-Nation-Approach

Pormal na pinagtibay ng rehimeng US-Duterte ang Executive Order No. 70 noong Disyembre 4, 2018 at isinapubliko noong Disyembre 10, 2018. Sa bisa nito, ipinag-utos ang pagtatayo ng National Task Force to End Local Communist Insurgency (NTFELCI) at ang pag-institusyunalisa ng 'whole-of-nation approach' na diumano'y pagkakaisahin ang lahat ng mga pagsisikap ng mga sangay ng gubyerno at sektor ng lipunan para sa pag-unlad at kapayapaan. Nakapadron ito sa nauna nang ilinabas noong 2017 na National Security Policy (NSP) 2017-2022. Itinatambol ng NSP ang masaklaw na kahulugan ng pambansang seguridad na 'lahat ng aspeto ng pambansang pagpupundar kung saan nagsasalimbayan ang pag-unlad at seguridad'. Ito ang naging tuntungan ng rehimeng US-Duterte upang mailusot ang walang-sagkang paghahari ng militar sa lahat ng aspeto ng paggugubyerno.

Sa pamamagitan ng EO 70, nabigyang-pangil ang panghihimasok ng militar sa sibilyang paggugubyerno at nabigyang-laya ang paggamit nito ng lahat ng rekurso ng gubyerno para sa militaristang adyenda. Binigyang-basbas ng atas na ito ang militar, sa pamamagitan ng NTF,



na lagumin, baguhin at palamnan ang mga programa ng gubyerno sang-ayon sa kanilang plano.

Isa sa mga unang proyekto ng NTF ang pagtatayo ng mga Regional Task Force na naglatag ng mga panrehiyunal na istrukturang nagsasanib sa mga Regional Development Councils (RDCs) at Regional Peace and Order Councils (RPOCs). Ang RDC ang pinakamataas na otoridad na nagtatakda ng pangkabuuhang direksyon at mga patakaran para sa sosyoekonomikong pag-unlad ng rehiyon. Samantala, ang RPOC naman ang tumatalakay sa mga usaping nakaaapekto sa kapayapaan at kaayusan ng rehiyon. Binubuo ang mga ito ng mga gubernador, alkalde, kapitan at lahat ng mga ahensyang mayroong kinalaman sa kaunlaran, kapayapaan at kaayusan. Sa pagsasanib sa mga ito ng RTF, ilinalagay sa direktang kumand ng NTF at ng militar ang mga mayor na usapin ng mga rehiyon. Sa bisa ng EO 70, pinauupo na ngayon ang ilang upisyal-militar at pulis sa mga pulong ng RDC bilang special non-voting members. Pinahihigpit pa ito lalo sa pagtatayo ng mga lokalisadong Task Force hanggang sa antas-barangay.

*Sa bisa ng EO 70, pinauupo na ngayon ang ilang upisyal-militar at pulis sa mga pulong ng RDC bilang special non-voting members. Pinahihigpit pa ito lalo sa pagtatayo ng mga lokalisadong Task Force hanggang sa antas-barangay.*

Lahat din ng mga atas na ilinabas kaugnay sa pagpapatupad ng EO 70 ay nag-uutos sa mga sangay ng gubyerno na ipagamit ang pondo nito para sa pagpapagulong ng NTF-ELCAC. Malayang gamitin ng NTF, sa ngalan ng kunwari'y seguridad at kaunlaran ng bansa, ang pondo ng anumang ahensya at yunit ng gubyernong naisin nito para sa magagastos na operasyong militar.

Ngayong taon, binago ang Philippine Development Plan 2017-2022 sang-ayon dito. Inobliga ang mga RDC na sumunod sa utos na ilahok ang Cluster Implementation Plans ng NTFELCI sa kanilang mga Regional Development Plans (RDP) at Regional Development Investment Programs (RIDP). Sa bisa nito, isinasantabi ang lahat ng mga karampatang proseso sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga RDP at RIDP at labis na kapangyarihan ang nakakonsentra sa mga RTF at NTF.

Gayundin, kasalukuyan nang ipinapatupad ng mga ahensya ng gubyerno ang EO 70. Kalakhan sa 51 ahensyang nakapaloob sa mga klaster ng NTFELCI ay nagbuo na ng mga komiteng nakatutok sa pagpapatupad ng EO 70 sa kani-kanilang mga kawanihan. Nagbalangkas na rin ang ilang ahensya ng kani-kanilang mga operational guidelines at idinirehe ang kanilang mga proyekto sang-ayon sa tulak ng EO 70.

## Ang Regional Task Force sa Kabikulan

Pormal na pinasinayaan ang RTF sa rehiyon noong Agosto 19-20. Sa pagkakabuo nito, pinatindi ang kampanyang disimpormasyon ng militar at pulis, pagpapakapal ng presensya ng militar sa mga komunidad, paglulunsad ng mga peace and development operations at Retooled Community Support Program (RCSP), panggigipit sa mga lokal na yunit ng gubyerno at pang-aatake sa sibilyang populasyon laluna sa mga progresibo at makabayang pwersa.

Sa buong 2019, umabot sa 12 pekeng engkwentro ang pinalabas ng militar sa tulak ng RTF. Kalakhan sa mga ito ay pangkubli sa mga paglabag sa karapatang tao tulad ng kaso ng pamamaril ng tropa ng 83rd IBPA at PNP Catanduanes Provincial Mobile Force Company (PMFC) sa limang magsasaka ng abaka habang sila ay nangingisda noong Setyembre 22 sa Brgy. Taopon, Panganiban, Catanduanes. Pinalabas na NPA na nasawi sa labanan at tinaniman pa ng ebidensyang baril ang mga namatay na sina Lito Aguilar at Christopher Abraham. Sugatan naman sina Jimmy Sierra, Joseph Torado at Jomarie Calderon. Naninindigan ang mga kaanak at kababaryo ng mga biktima at maging ang lokal na yunit ng gubyerno na sibilyan ang lima. Kabilang din sa mga kaso ng pekeng engkwentro ang isang misengkwentro sa pagitan ng yunit ng 83rd IBPA at Police Mobile Force Camarines Sur.

Sadyang pinatampok din ng militar at pulis ang mga pekeng balita ng sumuko o nahuling NPA. Noong Setyembre 11, napabalita ang pagkahuli ng isang Joselito Novelo Naag na isa umanong mataas na upisyal ng NPA sa rehiyon. Kasapi raw ang naturang indibidwal ng KLG 78 sa Albay at mayroong patong sa ulong P100,000. Ngunit, sa pamamagitan mismo ng Facebook Account ni Naag ay nabunyag sa publikong isa siyang elemento ng militar. Nasundan pa ito nang malantad ang niretokeng larawang ilinabas ng 2nd IBPA hinggil sa umano'y 306 sumuko sa Masbate noong Disyembre 26.

Paulit-ulit lamang na ipinaparada ng militar at pulis ang mga masang sapilitan nilang pinasusuko bilang mga NPA, milisyang bayan at kasapi ng sangay ng Partido sa lokalidad. Kakambal ng kanilang teroristang pang-aatake sa masa, ginagawa nilang balon ng korupsyon ang pondo ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (ECLIP).

Sa ilalim din ng RTF, tahasan ang pagpaslang at panggigipit sa mga upisyal ng lokal na yunit ng gubyerno.

Noong Nobyembre, dalawang upisyal na ng barangay ang naiulat na biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang. Sa Masbate, pinaslang ng pwersa ng 2nd IBPA at 2nd Masbate PMFC si Wolfert Dalanon, kapitan ng Brgy. San Antonio, Milagros. Taliwas sa ipinapakalat ng militar, hindi NPA si Dalanon at hindi rin siya napaslang sa gitna ng engkwentro. Sa Sorsogon, pinaslang din ng mga ahente ng militar si Bernabe Estiller, isang barangay kagawad sa Brgy. Santa Lourdes, Barcelona. Kasabay nito, sapilitang pinaglalabas ang mga lokal na yunit ng gubyerno ng mga hungkag na deklarasyong persona non grata laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Ilinatag din sa buong rehiyon ang mga PDT at yunit para sa RCSP na tumitiyak na maipatutupad ang mga adyenda ng RTF. Mula sa Camarines Norte, ikalawang distrito ng Camarines Sur hanggang Sorsogon at Masbate, pinarami ang pakat ng militar at pulis na tumatagal nang ilang buwan hanggang halos isang taon sa loob ng mga komunidad. Nananatili sila sa mga baryo sa tabing umano ng pagtitiyak na maipatutupad ang mga sosyoekonomikong hakbangin ng rehimen na sa aktwal ay mga neoliberal na proyektong pinakikinabangan ng malalaking burgesya kumprador at dayuhang kapitalista. Sa Camarines Norte, pinagtutuunang-pansin ng militar ang bayan ng Labo kung saan nakaplanong magbukas ng malalaking minahan. Sa Masbate naman, noong Pebrero 2018 pa lamang ay sinimula nang pakatan ng mga tim ng RCSP ang mga bayan ng Aroroy at Baleno. Sa mga bayang ito, pinaplanong palayasin ang mga komunidad bunga ng planong ekspansyon ng Filminera, isang dambuhalang kumpanya sa mina. Nagpapatuloy din ang operasyong PDT sa bayan ng Cawayan, Milagros, Uson, Pio V. Corpuz, mga isla ng Ticao at Burias.

Isa ang larawang iniiwan ng isang taong pagpapatupad ng EO 70 - Walang kakayahan ang militar na tugunan ang matatagal nang sosyoekonomikong suliranin ng bansa kahit pa kontrolin nito ang lahat ng proyekto, rekurso, tauhan at sangay ng gubyerno. Ang pagbubuo ng NTFELCI ay walang kinalaman sa pag-unlad ng bansa. Lalo lamang nawawala ang pokus sa mga sosyoekonomikong reporma at naitutuon ang lahat ng pansin sa kapritso ng militar. Itinutulak ng pangkating Duterte ang tahasang militarisasyon ng gubyerno sa pamamagitan ng EO 70 upang itutok ang lahat ng rekurso ng kanyang pamahalaan sa pagsupil sa lahat ng porma ng paglaban ng mamamayan sa kanya at sa kanyang imperyalistang amo.

Ang pagsasangkalan ni Duterte maging ng mga makabuluhang programa para sa sosyoekonomikong pag-unlad at ng buong sibilyang paggugubyerno kapalit ng kanyang pangungunyapit sa pwesto ang lalong nagpapalalim sa panlipunang krisis ng bansa. Ito rin ang gagatong sa higit pang paglakas ng rebolusyonaryong paglaban ng sambayanang Pilipino. ■



## An Kusog: Ang Boses ng Masang Masbatenyo, Ang Boses ng Rebolusyon



"Ang An Kusog ang nagsisilbing boses ng masang Masbatenyo. Sa pamamagitan ng pahayagang ito, naipapaabot sa loob at labas ng prubinsya ang mga usaping kinakaharap ng masang inaapi at pinagsasamantalahan. Gayundin, napapartikularisa ang mga usaping pambansa tungo sa danas ng prubinsya. Natatalakay kung paano dadalhin sa araw-araw na gawain ng masa at mga kasama ang mga pinakamaiinit na balita at isyu. Iyan para sa akin ang kahalagahan ng An Kusog,"

Ganito ilinalarawan ni Ka Jenny, isa sa mga istap ng An Kusog, at ng iba pang mga kasama ang kanilang pahayagan. Ilinalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Masbate sa kada kwarto ng taon. Naglalaman ito ng tindig ng rebolusyonaryong pwersa sa maiinit na usapin sa loob at labas ng Masbate, mga balita at ilang mga pangkulturang pyesa tulad ng tula, awit, liham o kwentong kusina na kinatha ng mga kasama at masa mula sa iba't ibang larangang gerilya ng prubinsya.

Sinasalamin ng An Kusog ang pagsisikap ng mga kasama at masang maipahayag ang kanilang kalagayan, ang pang-aapi at pagsasamantalang kanilang dinaranas at ang kanilang rebolusyonaryong paglaban. Unang ilinabas ang An Kusog kasabay ng pagdiriwang ng ika-45 anibersaryo ng PKP noong 2013. Hudyat ito ng higit pang paglagablab ng diwang rebolusyonaryo ng mamamayan sa Masbate at ang pagpupunyagi nilang dalhin hanggang sa labas ng kanilang prubinsya ang mga usapin sa lupang kanilang tinubuan.

Ipinagpatuloy at binigyan ng higit na matalas na linya ng An Kusog ang mga naunang pagsisikap ng Haguros, ang pinakaunang rebolusyonaryong pahayagan ng Masbate na unang ilinathala noong 1988. Sa paghalinhin ng An Kusog sa Haguros, malalim na sinalamin ang ilang taong pag-iipon ng lakas, wastong pagtahak sa linyang masa, pagsusulong ng programa ng rebolusyong agraryo at ang pagpapaigting ng armadong pakikibaka sa prubinsya.

### Propagandang Mula sa Masa, Tungo sa Masa

"Una sa lahat, dapat malinaw muna sa mga kasama na ang gawaing propaganda ay hindi lamang limitado sa iilang eksperto o nakapag-aral. Ang pakikipaglaban sa saywar ng kaaway ay gawain ng malawak na hanay ng masa. Sa gabay ng mga namumunong komite ng Partido, dapat mobilisahin ang lahat ng yunit at kasapi ng Partido, Pulang Hukbo at lahat ng mga organisasyong masa at kasapi nito," paliwanag ni Ka Jenny. Kalakhan sa kanila ay walang pormal na kasanayan sa pagsusulat ngunit, dahil sa mulat na pag-ugat sa karanasan ng masa at pagtangan sa mga prinsipyo ng Partido, ang lahat ng isyu ng An Kusog ay hitik sa kaalaman at sadyang tinatangkilik ng masa.

Sa bawat isyu ng An Kusog, tinitiyak ng mga kasama na mahusay na masasapul ang mga pang-ekonomya, pampulitika at pangkulturang usapin ng masang Masbatenyo. Mula sa tinipong karanasan ng masa ay isinusulat ng mga kasama ang kabuuhang rebolusyonaryong paninindigan sa mga usaping tumatahi sa kanilang mga karaniwang danas at partikular na kalagayan. Upang madaling maintindihan ng masa, ang lenggwahe ng pahayagan ay pinagsamang Tagalog, Masbatenyo at Cebuano.

Tulad ng anumang pahayagan, maraming kinakaharap na usapin at hamon ang An Kusog – laluna sa usapin ng lohistika. Ngunit hindi kailanman ito naging hadlang sa mga kasama. Sa pamamagitan ng kolektibong estilo sa paggawa, hakbang-hakbang na napaunlad ang paglilimbag ng An Kusog. Tinitiyak ng bawat komite ng Partido – mula sa mga sangay sa lokalidad hanggang komiteng pamprubinsya ang mahigpit na pagpapahalaga sa paglikha, pagpaparami at pamamahagi ng An Kusog.

Nagsimula sila sa paggamit ng mga manu-manong mimeograph at V-type na paghagod ng mga kopya. Buong-tyaga na pinagtutulungan ng mga kasama at masa ang manu-mano at paisa-isang reproduksyon ng mga pahayagan. Maging ang distribusyon ay kolektibong gampanin. Sa pag-unlad ng teknolohiya, masikhay na pinag-

aralan ng mga kasama ang mga bagong pamamaraan ng pagpaparami – mula sa mga makabagong paraan ng pagpaparami hanggang sa social media. Mula sa puu-puong kopya ng An Kusog umaabot na sa libu-libo ang nakalimbag at elektronikong kopya ng An Kusog.

"Masigla ang partisipasyon ng masa sa paggawa ng An Kusog dahil malinaw sa kanilang boses nila ang kinakatawan ng pahayagang ito. Sa mahigpit na pagkakaisa ng masa at mga kasama, tuluy-tuloy ang paglilimbag ng mga pahayagan anumang atake ng kaaway," turan ni Ka Jenny.



Ang An Kusog ay isa pa lamang sa napakaraming pagsisikap ng mga kasama at masa mula sa iba't ibang bahagi ng rehiyon na tumindig hinggil sa mga mabibigat na usaping kanilang kinakaharap sa araw-araw at isulong ang gawaing propaganda. Sa harap ng ibayong pagtindi ng kontra-mamamayang todo gera ng pasistang rehimeng US-Duterte, puspusang isinusulong ng rebolusyonaryong kilusan ang paglaban sa Oplan Kapanatagan at ang pagpapabagsak sa pasista at papet na rehimen upang isulong sa mas mataas na antas ang digmang bayan. Mulat ang mga kasamang isa sa pangunahin at napakahalagang tungkulin dito ang ubos-kayang paglaban sa operasyong saywar at disimpormasyon ng Oplan Kapanatagan at buong pasistang rehimen.

Bagamat nakalalamang sa makinarya, pondo at rekurso, hindi maaalpasan ng Oplan Kapanatagan at anumang saywar ng pangkating Duterte ang mga pundamental na kahinaan ng bulok na reaksyunaryong sistemang malakolonyal at malapyudal. Hindi matatabingan ng anumang pakulo ang walang-patid na kahirapang dinaranas ng sambayanan dulot ng mga patakarang pasista, maka-imperyalista at kontra-mamamayan. Magpapatuloy ang mga pahayagang tulad ng An Kusog sa pagbibigay-boses sa masang matagal nang inaapi at pinagsasamantalahan.■

---



*pakamahalin ang mamamayan,*

**SUMAPI SA BAGONG HUKBONG BAYAN!**

Maaaring magpaabot sa pinakamalapit na sangay o kasapi ng Partido sa lokalidad ang sinumang nagnanais sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Maaaring sumapi ang sinumang:
1. Mayroong mahusay na pangangatawan at pag-iisip;
2. Hindi bababa sa 18 taong gulang;
3. May kakayahang lumaban at handang lumahok sa matagalang armadong pakikibaka laban sa reaksyunaryong kapangyarihang estado.

KODA:____________________ EDAD:__________

## Transport strike laban sa jeepney phaseout, matagumpay

Sa pamumuno ng Condor-PISTON Bikol, matagumpay na naparalisa ang mga kritikal at mayor na mga ruta sa iba't ibang bahagi ng rehiyon sa dalawang araw na tigil-pasada noong Nobyembre 25-26. Naitala ang hindi bababa sa 90% pagkaparalisa ng byahe sa buong rehiyon. Ang naturang tigil-pasada ay bahagi ng pagkilos ng mga drayber, opereytor at iba pang sumusuportang sektor laban sa napipintong Jeepney Phaseout ng rehimeng US-Duterte.

Sa ilalim ng naturang panukala, bibigyan lamang ng prangkisa ang isang opereytor kung papalitan ang kanyang kasalukuyang yunit ng mga tinaguriang modern Euro-4 compliant, hybrid at e-jeepneys na inangkat mula sa mga multinasyunal na mga kumpanyang awtomotib. Nagkakahalaga ang mga "modernong dyipni" na ito ng P1.6 milyon kada yunit Ipagbabawal na rin ang iskemang one-unit, one-operator kung kaya kailangan na ng minimum na dalawang yunit para mabigyan ng prangkisa ang isang opereytor. Kailangan ding isailalim ang pangangasiwa ng mga dyip sa fleet management companies na pagmamay-ari rin ng mga multinasyunal na kumpanyang awtomotib.

Ayon sa PISTON, nangangahulugan ito ng pagkawala ng kabuhayan ng libu-libong manggagawa sa sektor ng transportasyon. Mangangahulugan din ang tahasang korporatisasyon ng pampublikong transportasyon ng dagdag pasahe na babalikatin ng mga komyuter. Ipinanawagan ng sektor na sa halip na tahasang phaseout, rehabilitasyon ang dapat ipatupad ng rehimeng US-Duterte. ■


## Kampuhan ng mga magsasaka, isinagawa

Matagumpay ang ilinunsad na kampuhan ng mga magsasaka mula sa iba't ibang bahagi ng rehiyon noong Oktubre 15 hanggang Oktubre 20. Sa temang Tanggol Magsasaka, linahukan ng iba't ibang mga progresibong organisasyon tulad ng Organisasyon ng Magsasaka sa Albay (OMA), Samahan ng mga Magsasaka sa Sorsogon (SAMASOR), Camarines Norte People's Organization (CNPO), Bicolana Gabriela, Bicol Coconut Planters Assoiation, Inc. (BCPAI) at Kilusang Magbubukid ng Bikol (KMB) ang iba't ibang aktibidad na nagdadala ng mga panawagan ng masang Bikolano laban sa mga neoliberal at pasistang batas ng rehimeng US-Duterte tulad ng Rice Tariffication Law, kawalan ng suporta sa mga magniniyog, MO 32 at EO 70.

Nagsagawa ang mga magsasaka ng serye ng mga dayalogo at pagkilos sa harap ng Department of Agrarian Reform (DAR)-Region V at Department of Interior and Local Government (DILG) - Region V sa Legazpi City. Sa huling gabi ng kampuhan, nagsagawa rin ng isang Solidarity Night na linahukan ng mga taong-simbahan, pangkulturang grupo, kagawad ng midya at iba pang sektor na sumusuporta sa laban ng mga magsasaka.■

## Fact-finding mission sa Masbate, ilinunsad

Matagumpay na nakapaglunsad ang BAYAN-Bikol, Karapatan-Bikol, Defend Bicol Stop the Attacks Network, Tindog Pumuluyong Masbateno, mga taong-simbahan at iba pang institusyong nagtataguyod ng karapatang tao ng isang fact-finding mission hinggil sa sunud-sunod na paglabag sa karapatang-tao sa Masbate. Ginanap ang naturang FFM mula Disyembre 21-23.




Isa sa mga pinagtuunan ng pansin ng FFM ang kaso ng pamamaslang sa sibilyang si Wolfert Dalanon, kapitan ng Brgy. San Antonio, Milagros, Masbate. Taliwas sa pinalalabas ng militar na namatay sa gitna ng labanan ang biktima, nanindigan ang mga residente at kapamilya ng pinatay na kapitan na walang engkwentrong naganap at hindi NPA ang biktima.

Ayon sa mga saksi, higit 40 militar ang nag-operasyon sa lugar ng insidente. Bago ang pamamaslang, hinalughog din ang ilang kabahayan kabilang na ang bahay ng kapitan.■

## Isang taon ng pasistang atas na MO 32, sinalubong ng protesta

Malawakang pagkilos ang sumalubong sa isang taong anibersaryo ng pasistang atas na MO 32 noong Nobyembre 22. Sa pangunguna ng Defend Bicol Stop the Attacks Network, sabay-sabay na nagsagawa ang mga progresibong organisasyon, taong-simbahan, kagawad ng midya at iba pang mga sektor ng mga kilos-protesta sa iba't ibang bahagi ng rehiyon.


Sa bisa ng MO 32, isinasailalim ang Kabikulan at mga isla ng Negros at Samar ng Visayas sa isang de facto batas militar. Pinagtitibay ng MO 32 ang naunang Memorandum Order No. 3 na nagbibigay-laya sa militar at pulis na magsagawa ng mga operasyon upang labanan umano ang lawless violence at pigilan ang paglaganap nito sa ibang bahagi ng bansa. Binibigyang basbas ang pagsasagawa ng mga militar at pulis ng mga pagsita, pagkapkap, paghalughog at pagkumpiska, magtayo ng mga tsekpoynt at maglunsad ng mga strike operations. Ang sinumang mahuli sa mga operasyong militar at mapaghinalaang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan ay sasampahan ng kaso at iligal na aarestuhin.

Sang-ayon din sa naturang atas, iniutos ni Duterte ang pagdaragdag ng pwersa ng militar at pulis sa mga prubinsya ng Bikol, Negros at Samar. Ngayong taon, binuo na sa Kabikulan ang 9th Special Action Battalion para sa dagdag na pwersang Special Action Force (SAF) ng PNP. Binuo naman ng AFP ang 22nd IBPA bilang isang buong batalyong panagupa at ang Division Civilian Auxiliary Unit (DCAU) para sa mga CAFGU.

Ayon sa mga dumalo sa kilos-protesta, walang mabuting naidulot ang MO 32 sa rehiyon. Sa halip na sugpuin ang karahasan ay lalo lamang lumala at naging lantaran ang pang-aatake ng pulis at militar sa masang Bikolano. Sa loob ng isang taong pananalasa ng MO 32, nakapagtala sa rehiyon ng sunud-sunod na kaso ng paglabag sa karapatang-tao at lumobo ang bilang ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang.■

## Lansakang paglabag sa karapatang-tao sa Sorsogon

Higit na matindi kaysa sa mga sakuna ang epekto ng pakanang Community Support Program (CSP) ng rehimeng US-Duterte at kasapakat na pwersang AFP-PNP-CAFGU sa Sorsogon. Ayon sa pahayag ni Ka Samuel Guerrero, tagapagsalita ng Celso Minguez Command BHB-Sorsogon, mayroong 10 baryo sa mga bayan ng Barcelona, Gubat at Bulusan ang kasalukuyang nasa ilalim ng CSP. Hindi bababa sa 20 militar ang nakatalaga sa bawat baryo. Idinulot nito ang matinding takot sa mga komunidad.




Ayon pa kay Ka Samuel, "Nang ideklara ng rehimeng Duterte ang Executive Order 70 at Memorandum Order 32 noong nakaraang taon para ipatupad ang kontra-insurhensyang paglaban nito sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan, pawang mga sibilyan ang kanilang pinupuntirya at naging biktima."

"Mula nang maupo si Duterte, naitala sa prubinsya ang 32 kasong biktima ng walang habas na pamamaslang ng mga pwersa nitong AFP-PNP-CAFGU at DDS, walo rito ngayong taon. Pinakahuli sa kanilang pinaslang si Bernabe G. Estiller, 41, kagawad at residente ng San Antonio, Barcelona noong ika-8 ng Nobyembre 2019. Nagdala noon ng kopra sa pisaran si Estiller nang barilin siya ng dalawang lalaki ayon sa mga nakasaksi," dagdag pa ni Ka Samuel.

Ngunit sa harap din ng pasistang atake na katambal ng mga batas na nagpadausdos ng kabuhayan ng masang Sorsoganon, lalo ring lumalakas ang kilusang mapagpalaya sa prubinsya.

"Naghahangad ang mga Sorsoganon ng pagbabago. Nais nilang wakasan na ang tumitinding kahirapan at pagsasamantala laluna ng masang anakpawis," pagwawakas ni Ka Samuel.

■

## Isang linggong unilateral na tigil-putukan sa Kabikulan, idineklara ng RJC

Upang bigyan-daan ang pagpapaabot ng iba't ibang porma ng ayuda sa mga bayan sa mga ilang prubinsya sa Bikol, idineklara ng Romulo Jallores Command (RJC-BHB Bikol) ang isang linggong unilateral na tigil-putukan sa buong rehiyon noong Disyembre 6 hanggang Disyembre 12.

Ayon sa audio-pahayag ni Ka Raymundo Buenfuerza, tagapagsalita ng RJC BHB-Bikol, "Magsasagawa ang lahat ng larangang gerilya, rebolusyonaryong organisasyong masa at mga organo ng mga kapangyarihang pampulitika ng kampanya para sa mga naaangkop na serbisyong panlipunan para sa mga binayo ng bagyong Tisoy. Sa mga Larangang relatibong nakaligtas sa kapinsalaan, makakatuwang ang paglilikom ng materyales at iba pang tipo ng tulong na maaaring ipadala sa mga biktima ng bagyo kapwa sa kanayunan at kalunsuran."

Sa panahong saklaw ng unilateral na tigil-putukan, pananatilihin ng mga Yunit Kumand sa buong rehiyon ang postura ng aktibong depensa sa panahong saklaw ng unilateral na tigil-putukan. Hindi maglulunsad ng taktikal na opensiba sa panahong saklaw ng tigil-putukan, ngunit mapagpasyang haharapin ng mga yunit ng bagong hukbong bayan sa buong rehiyon ang mga patraydor na operasyong militar upang ipagtanggol ang sarili sa tiyak na kapahamakan.

Nananawagan din ang RJC BHB-Bikol sa lahat ng mamamayang Bikolano na ipagpatuloy ang diwa ng sama-sama at kapit-bisig na pagtutulungan at pagbangon sa gitna ng sakuna.■

## Malakihang operasyong militar, hinarap ng ACC



Mapagpasyang hinarap ng Armado Catapia Command (ACC-BHB Camarines Norte) ang malakihan at tuluy-tuloy na operasyong militar ng 9th IBPA, 92nd DRC Philippine Army sa naturang prubinsya sa kabila ng deklarasyon ng pansamantalang tigil-putukan sa pagitan ng BHB at AFP mula Disyembre 23 hanggang Enero 7, 2019.

Naganap ang labanan noong ika-23 ng Disyembre 2019 sa Barangay Ba'ay, Labo Camarines Norte. Isa ang napatay at anim ang sugatan sa pwersa ng AFP habang ligtas na nakamaniobra ang mga kasama.

Ayon kay Carlito Cada, tagapagsalita ng ACC-BHB Camarines Norte, walang ibang dapat sisihin sa pagkasawi at pagkasugat ng mga elemento ng 9th IBPA at 92nd DRC kundi ang arogansya ng 9th IDPA na magsagawa ng mga operasyong militar kahit sa panahon ng unilateral ceasefire.

Nanawagan din si Ka Carlito na dapat panatilihin ang aktibong postura at ang pagiging alerto ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan at lahat ng rebolusyonaryong pwersa upang mahusay na maharap ang paninibasib ng AFP at PNP sa ilalim ng Oplan Kapanatagan ng papet, diktador at pasistang rehimeng US-Duterte. ■

## Mga dadalo sa kilos-protesta, hinarang



Hinarang ng magkakumbinang pwersa ng 507 2nd Provincial Mobile Force Company at yunit ng 2nd IBPA na nakahimpil sa Brgy. Sto. Nino, Cataingan, Masbate ang humigit-kumulang 500 delegadong dadalo sana sa isang pagkilos sa Freedom Park, Masbate City noong Oktubre 21. Ang naturang pagkilos ay bahagi ng serye ng mga kilos-protestang nagtatambol ng panawagan ng mga magsasaka sa Kabikulan para sa tunay na reporma sa lupa.

Ayon sa ulat ng Masbate People's Organization (MAPO), hinarang ng tropa ni Noel Versosa, upisyal ng 507 2nd PMFC ang mga delegadong lulan ng tatlong bus at mga dyip mula sa bayan ng Cataingan. Pinalalabas ng pulis at militar na overload ang naturang mga sasakyan at pilit na pagmumultahin ang P5,000 hanggang P15,000 kung tutuloy ang byahe. ■

## Kontra-mamamayang proyektong imprastruktura, matagumpay na sinabotahe ng TPC

Matagumpay na ilinunsad ng Tomas Pilapil Command (TPC-BHB East Camarines Sur) ang isang aksyong sabotahe laban sa kontra-mamamayang proyektong imprastruktura sa lugar.

Noong Nobyembre 23, 2019, pinasabog ng isang tim ng Pulang Hukbo ang ginagawang tulay sa Sityo Kawayan, Genorangan, Lagonoy. Ang kontrata para sa naturang proyekto ay hawak ng GCI at Partido Construction.

Ayon sa bidyu-pahayag ni Ka Baldomero Arcanghel, tagapagsalita ng TPC, "walang idudulot na kaunlaran ang mga kasalukuyang proyektong imprastruktura sa lugar. Hindi ito magsisilbi sa mamamayan kundi sa mga lokal na naghaharing uri at mga kasabwat nitong kapitalista at burgesya komprador na may interes sa lugar, tulad ng pagmimina, pagtotroso, turismo at iba pang pang negosyo na magdadala ng malaking ganansya at tubo. "

Ayon pa kay Ka Baldomero ay mayroon nang mga ruta at kalsadang tumatahi sa mga bayan sa Partido District na nagagamit ng masa para sa kanilang transportasyon, komunikasyon, kabuhayan at araw-araw na mobilidad. Buu-buong komunidad din ang pwersahang palalayasin sa kanilang mga lupaing binubungkal sa pagpasok ng malalaking minahan.

"Nananawagan ang Tomas Pilapil Command na tutulan at labanan ang mga kontra-mamamayang proyekto at programa ng rehimeng US-Duterte at kaakibat nitong pasistang atake. Ang mga yunit ng TPC ay magpapatuloy sa pagtaguyod ng interes ng uring api at hindi kailanman pahihintulutan na mamayani ang interes ng mga mapang-aping uri sa lugar. Kaagapay ng nagkakaisang hanay ng mamamayan ng buong Partido District ang BHB sa pagkakamit ng kaunlarang tunay na nagtataguyod at nagsisilbi sa interes ng mamamayan sa ilalim ng isang lipunang walang nagsasamantala at nang-aapi," ani Ka Baldomero.■

## Serye ng matatagumpay na aksyong militar, ilinunsad ng JRC NPA-Masbate laban sa abusadong 2nd IBPA



Sa loob lamang ng lampas dalawang linggo, limang matagumpay na aksyong militar ang ilinunsad ng Jose Rapsing Command (JRC-BHB Masbate) laban sa mersenaryong pwersa ng 2nd IBPA. Noong Oktubre 12, 2019, isinagawa ang magkasabay na haras laban sa dalawang yunit ng 2nd IBPA na nakabase sa So. Poro, Talisay, San Fernando. Matapos ang 15 minutong putukan, dalawang militar ang napaslang at anim pa ang sugatan. Agarang kinuha ng isang naval craft at dinala sa mainland Bikol ang mga kaswalti.

Noong Oktubre 31, bandang alas 10:19 ng gabi, isang tim ng 2nd IBPA na sakay ng dalawang military truck ang inambus ng Pulang Hukbo sa kahabaan ng national road sa Brgy. Panisijan, Uson, Masbate.

Kinabukasan, Nobyembre 1, isa pang ambus ang isinagawa ng JRC-BHB Masbate sa isla ng Burias laban sa 2nd IBPA na nagsasagawa ng focused military operations (FMO) sa mga baryong saklaw ng bayan ng Claveria sa hangganan ng Brgy. Mabiton at Taguilid. Dagliang isinakay ang limang patay at mga sugatang militar sa naval craft na umiikot sa isla.

Sa kapareho pa ring petsa, bandang alas-tres ng hapon, isa pang yunit ng JRC-BHB Masbate ang nagsagawa ng haras sa patrol base ng 2nd IBPA sa Brgy. Togoron, Monreal, Masbate. Dalawang bangka ang naiulat na humarurot papuntang Masbate City sakay ang kanilang mga kaswalti.

Ang naturang aksyong militar ay pagtugon ng JRC sa matagal ng panawagan ng masang Masbatenyo na papanagutin ang mga abusadong 2nd IBPA sa kanilang mga krimen laban sa mamamayan.

Ayon kay Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng JRC-BHB Masbate, "matagal nang nananalanta ang 2nd IBPA sa mga residente ng mga baryo ng Talisay, Buenavista, Altavista, Del Rosario, Progreso, Suwa, Anelas at Lahong sa bayan ng San Fernando, Masbate sa tabing ng Peace and Development Team (PDT) na ngayon ay [Retooled] Community Support Program (CSP)."

Nanawagan din ang JRC-BHB Masbate sa masang Masbatenyo na suportahan ang armadong pakikibaka para makamit ang katarungan para sa mga biktima ng paglabag sa karapatang tao.■

**PRODUKSYON SA REBOLUSYON**

## MGA PANANIM PARA SA BAWAT KWARTO NG TAON

Napakapaborable ng klima sa Pilipinas para sa pagpapabuhay ng sari-saring gulayin: mayroong balanse ng tag-init at tag-ulan. Maaaring hatiin ang mga kwarto ng taon sa sari-saring gulaying mainam itanim sa bawat takdang panahon. Malaki ang maitutulong nito sa komunidad dahil ang pagtatanim ng mga gulay sa bakuran ay may malaking ginhawang maidudulot sa loob ng pamilya. Nakababawas ito sa mga gastusin sa loob ng tahanan. Higit pa, sariwa ang aanihing gulay at makatutulong sa pagpapalusog ng pangangatawan ng lahat ng myembro ng pamilya.

**Enero-Marso**
Ampalaya, Talong, Kamote, Kamatis, Letsugas

**Abril-Hunyo**
Ampalaya, Kamote, Talong, Letsugas, Kabute, Okra, Patani, Petsay, Sili, Sigarilyas, Kalabasa, Monggo

**Hulyo-Setyembre**
Ampalaya, Kamote, Talong, Kabute, Sayote, Letsugas, Kabute, Patola, Petsay, Sili, Sigarilyas, Sitaw, Kamatis, Upo, Monggo

**Oktubre-Disyembre**
Ampalaya, Kamote, Sayote, Talong, Letsugas, Kabute, Patola, Petsay, Sili, Sigarilyas, Sitaw, Kamatis, Upo, Monggo

Ang pagtatanim ay isang mahalagang bahagi ng pagpapaunlad ng siyensya ng agrikultura. Ang pagsalig sa sariling lakas at kayamanang likas ng kalupaan ay makagugupo sa pang-aapi at pagsasamantala ng mga dayuhang korporasyon na patuloy tayong itinatali sa atrasado at bansot na agrikulturang patuloy na lumulumpo sa ekonomya ng bansa.■

Kaalamang **MEDIKAL**

## SAMBONG AT ANG MGA BENEPISYO NITO


Ang mga halamang gamot na nakikita natin sa ating kapaligiran ay may iba't ibang epektibidad sa paglunas sa ating mga karamdaman. Napakahalaga ang pagkilala at pagpaparami ng mga halamang gamot sa ating komunidad, laluna sa ating mga bakuran, upang labanan ang mga sakit. Ang pagpapaunlad ng kaalaman sa herbal na medisina ay makatutulong din sa komunidad nang hindi na palagiang mangailangang bumili ng mga napakamahal na gamot para sa mga simpleng karamdaman.

### Sambong

Ang sambong (Lakad-Bulan) ay isang halamang gamot na kilalang-kilala sa Pilipinas. Matagal na itong ginagamit bilang tradisyunal na panlunas sa mga karaniwang sakit. Ang sambong ay may taglay na blumea camphor na mabisang antioxidant at nakatutulong sa paglilinis ng mga bara sa daanan ng dugo, ihi, at maruruming likido sa katawan. May katangian ding antibacterial ang sambong.

Para sa:

a. paglinis ng bato sa bato at pantog
b. pagpapababa ng presyon ng dugo
c. pagtanggal ng matinding plema sa baga, ubo at sipon
d. pamamaga ng katawan dahil sa sobrang tubig (edema)



e. pananakit ng puson dahil sa regla
f. mataas na lagnat
g. pagtatae

Paraan ng Paggamit:

Mangolekta ng mga sariwang dahon ng sambong at hugasang mabuti sa malinis na tubig saka hiwain nang maliliit. Pakuluan ang 50 gramo ng sambong sa isang litrong tubig. Hayaan itong kumulo sa loob ng sampung minuto. Salain sa malinis na lalagyan. Inumin ang sambong sa kayang init nito, apat na baso sa loob ng isang araw hanggang sa gumaling ang karamdaman.

Para sa:

a. rayuma (arthritis)
b. pulikat
c. panlinis sa mga minor na sugat

Paraan ng Paggamit:

Mangolekta ng sariwang dahon, hugasang mabuti saka dikdikin sa malinis na dikdikan. Kapag kumatas na, ipahid sa sugat, mga kasu-kasuan at bahagi ng katawang pinupulikat. Gawin ito tatlong beses sa isang araw hanggang sa gumaling ang mga karamdaman.

Para pangmumog sa namamagang gilagid matapos bunutan ng ngipin:

Paraan ng Paggamit:

Pakuluan ang sapat na dami ng sariwang dahon ng sambong sa isang basong tubig, palamigin ito bago gawing pangmumog.

Kontra-indikasyon:

Bagamat napakaepektibo ng sambong sa ibat'ibang uring karamdaman, hindi ito irinerekomenda sa mga buntis.

Paalala:

Sa proseso ng paghahanda ng halamang gamot, laging tiyakin ang kalinisan ng lahat ng gagamitin – mula sa mga dahon, gamit sa paghahanda at lalagyan. Dapat ding suriin ang mga dahon, piliin ang magaganda at malulusog na dahong gagamitin.■

Kurit kang Agipo

# *Paalam, Salamat*

Ilang daang taon
Panahon man ay lumipas
Pangalan mo'y hindi kukupas
Sa isip ng masa't naiwang kasama
Hindi malilimutan
Binuwis mo ang 'yong buhay
Bayani ka ng ating bayan
Dakila ka sa sinuman

Salamat, kasama
Sa mga panahon
Na tayo'y nagsama-sama
Sa hirap, saya, tayo'y nagkakaisa
Iba't ibang kwento
Sa iisang prinsipyong pinaglalaban
Ikaw ay hiwaga, makislap na tala
Tanglaw sa'ming paglalakbay

Di mawawalan ng saysay
Ang buhay mong inalay
Aming ipagpapatuloy ang inyong nasimulan
Tunay kayong lingkod
Ng inaaping sambayanan

Paalam na, aming kasama
Paalam na
Salamat sa'yo



# (Hindi) Libre Mangarap

Libre lang mangarap, managinip ka habang gising

Hindi maalis-alis sa utak ko
Ang linya ng isang awiting minsang narinig ko
Linyang naging daan
Sa pagtahak ng landas ng mga imahinasyon
Makawala sa kasalukuyang sitwasyon
Mabago ang kasalukuyang kundisyon
Bitbit ang samut'saring inspirasyon

Kaya'y isang araw habang ako'y nagninilaynilay
Sa isang upuan ay naisipan kong managinip
Ninais na mapunta sa kakaibang dimensyon
Hanggang matagpuan ang sarili sa isang kakaibang lugar
Na mayasdong magulo,
Tila isang maaksyong pelikula
Isang magandang labanan ng bida at kontrabida

Sa pwestong kinalalagyan
Manghang-mangha ako sa tindi ng bakbakan
Putok doon, sabog doon,
Sigaw doon, takbo roon,

Sa bandang kanan ay
Nakita ko ang isang napakalaking halimaw
Magarang kasuotan, marangyang sandata
At mukhang malakas ang kapangyarihan
Kasama ang isang matandang halimaw
Mukhag asong naglalaway na sabik nang pumatay
Katabi ang mga itim na kawal na walang ibang ginawa kundi siya'y palibutan at protektahan

Kitang-kita ko kung gaano nila kabilis
Patayin ang sinumang magtangkang lumaban
Gawain din nila ang patahimikin
Ang sinumang piniling magsalita
Sa bawat isang lumaban sa kanila
Kamatayan ang kasunod

Kitang-kita ko ang isang mahabang pila
Ng mga inalispusta na handang-handa nang lumaban
Ganyan kalakas ang kanilang kapangyarihan
Sa pwestong kinalalagyan
Manghang-mangha ako sa tindi ng bakbakan
Putok doon, sabog doon,
Sigaw doon, takbo roon,
Patay doon, bangkay doon,

Tumitindi na ang bakbakan
Kailangan ko nang umalis sa kinalalagyan
Ako ay nasa sa digmaan
Hindi ako ligtas sa labanan
Sa puntong iyon
Kailangan ko nang humakbang

Paghakbang ng kaliwang paa
Ay ang pagkagising sa isang panaginip
Natagpuan ang sariling humihingal
Sa isang upuan, kaharap ang telebisyon
Habang nakikinig sa mga balita
Hindi ko na pala kailangang managinip
Dahil ang mga halimaw
Ang mga mandirigma
Ang digmaan, ang patayan
Ang mga katotohanan

Gising ako sa panahong iyon
Ngunit hindi mulat sa tunay na kalagayan
Ng ating bayan dahil bulag sa katotohanan
Na mahirap palang managinip sa isang lipunang
Hindi pantay-pantay
At kahit mga nakaupo'y pinapatay

Kaya't bago lumipas ang araw
Pinili kong humakbang
Patungo sa landas ng rebolusyon
Makawala sa kasalukuyang sitwasyon
Mabago ang kasalukuyang kondisyon
Bitbit ang samu't saring inspirasyon

**Hindi libre ang mangarap**
**Kumilos ka't ito'y tutupdin!**



Hanapin si Batoy sa paghahanda para sa ika-51 Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas!




## WORD HUNT

Hanapin ang sumusunod na mga salita:

Lumaban
pagkakaisa
kalayaan
bayan
magbalikwas
bayani
magpatuloy
buhay
lakas
pagbabago
paninindigan
digma
magbangon
panata
henerasyon

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| W | R | Y | O | P | R | P | A | G | B | A | B | A | G | O | I | P | L | U | D |
| E | R | T | Q | A | A | S | D | F | G | N | M | H | U | R | H | A | K | A | R |
| S | R | E | A | N | N | M | A | D | H | E | N | E | R | A | S | Y | O | N | E |
| R | E | A | A | G | H | J | A | O | L | A | M | E | R | T | U | P | I | O | U |
| M | O | T | L | P | Q | A | E | R | G | H | A | D | A | L | O | P | A | L | I |
| A | A | S | D | G | H | I | L | R | S | E | G | U | H | D | E | T | U | O | S |
| G | E | R | Y | L | U | M | A | B | A | N | B | I | M | A | I | R | E | R | F |
| P | E | R | T | U | H | A | A | F | Y | E | A | B | N | Y | E | G | D | T | B |
| A | C | G | T | H | J | G | S | D | A | R | N | E | R | T | K | G | M | U | N |
| T | A | S | F | G | N | B | D | N | P | A | G | K | A | K | A | I | S | A | C |
| U | W | E | R | T | H | A | A | N | A | S | O | E | B | V | L | T | U | I | S |
| L | E | R | B | S | G | L | P | Y | O | Y | N | L | I | A | A | S | R | O | F |
| O | E | R | T | U | I | I | A | G | A | O | G | N | M | I | Y | W | D | G | U |
| Y | Q | A | S | B | N | K | E | R | Y | N | O | M | O | L | A | A | M | A | Y |
| T | O | L | P | E | R | W | E | R | I | L | I | A | G | E | A | G | N | L | T |
| Y | N | I | L | V | S | A | R | A | G | H | Y | N | K | A | N | E | R | O | I |
| U | A | G | A | E | A | S | D | E | R | N | M | K | I | A | Y | S | A | K | O |
| E | R | T | K | C | H | I | L | P | S | Q | T | Y | I | U | O | P | D | V | P |
| B | U | H | A | Y | E | R | O | P | A | N | I | N | I | N | D | I | G | A | N |
| A | S | C | S | N | M | H | J | L | K | I | O | R | E | E | Q | S | O | E | L |